

Maikling Kasaysayan ng relasyong USA-Hawaii

1826 – Kinilala ng USA ang Kaharian ng Hawaii bilang isang may kapangyarihan at malayang bansa.

1893 – Ang Hawaii ay sinakup ng Lakas Pandagat ng U.S. sa kadahilanang ito ay kailangan nila para sa kaligtasan ng Estados Unidos, at itinaas ng Ministro ng Estados Unidos ang bandila ng America sa Hawaii at inihayag na ang Hawaii ay nasa pangangalaga na ng Estados Unidos. Pagkatapos ay “pinaalis” ng pamahalaan ng U.S. si Reyna Liliuokalani ng Hawaii (Basahin ang protesta ng Reyna sa <http://www.kanakamaolipower.org/history.php>).

1898 – “Opisyal” na kinupkop ng Estados Unidos ang Hawaii; hindi na ito dumaan sa mga wastong pamamaraan kagaya ng pagkakaroon ng kasunduan para sa pagkupkop, na lagi naman nilang ginagawa noon nang kupkupin nila ang Louisiana, Florida, Texas, at mga iba pang lugar. Ayon sa batas pandaigdigang, ang ibig sabihin ng kawalan ng kasunduan para sa pagkupkop ay hindi isinusuko ng isang bansa ang kanyang kakayahan bilang isang malayang bansa.

1959 – Isang plebisito ang idinaos ng U.S.A. upang tanungin sa mga naninirahan sa Hawaii o mga Hawaiian kung gusto nilang manatili sa pangangalaga ng U.S. o gusto nilang magiging estado ng U.S. Upang maging kasiya-siya para sa U.S. ang resulta, tahasan nilang inalis ang pangatlong katanungan na itinadhana ng Pangunahing Batas ng Nasiones Unidas, kung gusto ng mga naninirahan sa Hawaii na magiging malaya. Sa tulong ng mga boto ng 10,000 Amerikanong naninilbihan sa militarya na nasa Hawaii noon, nakuha nila ang pinakamalaking boto para isama ang Hawaii sa U.S. kung kaya’t kinuha ng U.S. ang Hawaii bilang ikalimampung estado nito.

Ngayon – Ang Hawaii pa rin ang pinakamagandang kolonya ng Imperyong America, at hanggang ngayon ay di binibigyan-pansin ng U.S. ang ipinaglalaman ng mga naninirahan sa Hawaii na magiging malaya muli. Ngunit hanggang kailan ito...?

Araw-araw ay ipinagmamayabang ng mga Amerikano: “Kami ang pinakamalakas na bansa sa buong Daigdig!”

At itinuturo pa nila sa mga batang mag-aaral na bigkasin sa kanilang Panunumpa ng Katapatan: “...*na may kalayaan at hustisya para sa lahat!*”

Ang sagot ng mga naninirahan sa Hawaii ay: ***Ang Hawaii ay hindi America, at kailan man ay hindi ito magiging America!***”

Bakit kailangang malaman ito ng iba pang mga bansa na hanggang ngayon ay ipinaglalaman ang kanilang kalayaan? Marami ang pagkakahalintulad. Kagaya rin ng Hawaii ang mga ito na isinusulong ang kanilang kalayaan. Silang lahat ay may mga kuwento na nagsasaad kung papaano nilapastangan ng mga puwersang sumakup sa kanila ang mga pandaigdigang batas upang sila’y magapi at mapatahimik. Sa puntong ito, ang mga naninirahan sa Hawaii ay magdaraos ng isang permanenteng eksibit sa isla ng Kauai, ang nagrerebeldeng isla, upang iparinig ang kanilang mga kuwento at ipakita ang kanilang mga bandila, sa gayon ay maunawaan sila ng sandaigdigang. Ang mga materyal ding ito ay makikita rin sa Internet balang araw at maisasalin sa iba’t ibang mga wika.